



Impormasyon at mga Mapagkukunan para sa mga Nangungupahan sa panahon ng COVID-19



Ang Pansamantalang Pagsuspende sa mga Pagpapaalis sa Tirahan ay Magtatapos sa Hulyo 24, 2020

**KUNG NAWALAN KA NG KITA,
AGAD NA MAKIPAG-USAP SA PHA TUNGKOL SA POSIBLENG PAGBAWAS NG UPA**



Pigilan ang Mapaalis ng Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng Upa

➤ **Makakatanggap ba ako ng abiso ng pagpapaalis ng tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa pagkatapos ng Hulyo 24, 2020?**

Oo. Maliban kung nagkabisa nang mas matagal ang moratoryo sa pagpapaalis ng tirahan sa ilalim ng batas ng estado at lokal na batas, simula Hulyo 25, 2020, maaari kang bigyan ng iyong PHA o landlord (nagpapaupa) ng isang abiso ng pagpapaalis ng tirahan kung hindi mo nabayaran ang iyong upa o kung pumasok ka sa isang kasunduan ng pagbabayad. Iniaatas ng pederal na batas sa ilalim ng CARES Act na ang abiso sa pagpapaalis ng tirahan na ibibigay sa katapusan ng moratoryo ay magbibigay sa nangungupahan ng hindi bababa sa 30 araw upang lisanin ang ari-arian, ngunit ang mas mahabang panahon ng abiso ay maaaring iatas ng batas. Kung nakatanggap ka ng abiso ng pagpapaalis ng tirahan, dapat mong sundin ang lokal ng proseso para sa mga pamamaraan ng pagpapaalis ng tirahan. Kung sa tingin mo ay naging mali ang pagpapaalis sa iyo, makipag-ugnay sa iyong lokal na organisasyon ng legal aid o mga ahensyang nagbibigay ng serbisyong panlipunan. Kung ikaw ay kasali sa Voucher, maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na PHA. Kung ikaw ay kasali sa pampublikong pabahay, may karapatan ka sa isang pamamaraan para sa karainan gaya ng nakasaad sa iyong lease (kasunduan sa upa).

➤ **Ano ang maaari kong gawin upang maiwasan ang mapaalis kung mayroon akong hindi nabayarang upang dapat bayaran?**

Dapat pa ring bayaran at naiipon ang upa kung hindi ito nabayaran. Kung mayroon kang anumang hindi nabayarang upa, agad na makipag-usap sa iyong PHA tungkol sa mga posibleng opsyon sa ibaba:

- (1) Kung **nabawasan ang iyong kita o nagbago ang iyong mga kalagayan** kung saan mahihirapan kang bayaran sa oras ang iyong upa, hilingin sa iyong PHA na muling sertipikahin ang iyong kita.
 - ✓ Para sa parehong kasali sa pampublikong pabahay at kasali sa Voucher, pag-aaralan ng PHA ang kasalukuyan mong kita at aayusin ang iyong upa upang sumalamin sa pagbabago.

- **Tip!** Kung hindi agad na iniulat ang pagbabago sa kita, tanungin ang PHA ng tungkol sa kanilang patakaran sa mga retroaktibong pag-aayos ng upa (maaaring pahintulutan ng ilan ang mga ito, maaaring hindi gawin ng iba).
 - ✓ Maaari mo ring tanungin ang PHA kung karapat-dapat ka para sa minimum rent hardship exemption (iksemsyon dahil sa kahirapan para sa pinakamababang upa). Ang lahat ng PHA ay inaatasang magkaloob ng mga minimum rent hardship exemption. Maaari mong pag-aralan ang Admissions and Continued Occupancy Policies (ACOP, Mga Patakaran sa Pagtanggap at Patuloy na Paninirahan) ng PHA o Pang-administratibong Plano para sa impormasyon ng mga lokal na patakaran ng PHA para sa mga iksemsyon sa kahirapan, o maaari kang direktang makipag-ugnayan sa PHA.
- (2) Ang lahat ng kasali sa pampublikong pabahay at kasali sa Voucher ay may opsyong bayaran ang upa nang buo nang hindi lalampas ng Hulyo 24, 2020. Hindi maaaring magpataw ang iyong PHA at landlord ng mga singil para sa nahuling pagbabayad o interes para sa dapat bayaran sa mga buwan ng Abril, Mayo, Hunyo, at Hulyo ng taong 2020.
- (3) Kung hindi mo kayang bayaran nang buo ang upa, tanungin ang iyong PHA o ang iyong landlord (kung ikaw ay kasali sa Voucher) kung maaari kang pumasok sa **kasunduan sa pagbabayad** para sa anumang hindi nabayaranang upa. *Tingnan sa ibaba para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kasunduan sa pagbabayad.*
- **Tip!** HINDI isinama ang \$1,200+ na Federal Economic Impact payment (Pederal na kabayaran dahil sa Epekto sa Kabuhayan) sa pagkalkula ng iyong kita. Maaari itong gamitin bilang mapagkukunan upang makatulong sa hindi nabayaranang upa. Halos lahat ng residenteng Mamamayan ng U.S. ay karapat-dapat para sa kabayaranang ito. Kung hindi mo natanggap ang stimulus payment (kabayaranang tulong ng gobyerno), mangyaring bumisita sa webpage na ito upang alamin ang katayuan ng kabayaran sa iyo at sagutan ang isang simpleng form: <https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment>.
 - **Tip!** Ang karagdagang \$600 kada linggo sa mga pansamantalang benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng CARES Act ay HINDI kasama sa pagkalkula ng iyong kita. Kung nakatanggap ka ng karagdagang benepisyo, maaari itong gamitin bilang mapagkukunan upang makatulong sa hindi nabayaranang upa. Kung nawalan ka ng trabaho at hindi pa nakakapag-apply para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho, maaari mong mahanap ang karagdagang impormasyon sa kung paano mag-apply para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho sa: www.usa.gov/unemployment; www.careeronestop.org/LocalHelp/UnemploymentBenefits. Tandaan: ang kadagdagang \$600 kada linggo na mga pansamantalang benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho na ipinagkakaloob ng CARES Act ay magtatapos sa Hulyo 31, 2020 at hindi masisiguro ng pag-a-apply ngayon ang karagdagang benepisyo ng kabayaran, ngunit maaari ka pa ring maging karapat-dapat para sa regular na unemployment insurance (seguro dahil sa pagkawala ng trabaho).
- (4) Maaaring alam ng iyong PHA ang tungkol sa mga **lokal na mapagkukunan** upang makatulong sa upa, mga utilidad at iba pang mga pangunahing pangangailangan. Maaari mo ring tawagan ang 211 mula sa anumang telepono o bumisita sa 211.ord para sa impormasyon tungkol sa pang-emerhensyang tulong na pinansyal. Mangyaring tingnan din ang seksyon sa mga serbisyo at mapagkukunan sa katapusan ng dokumentong ito para sa listahan ng mga posibleng mapagkukunan.

➤ **Ano ang kasunduan sa pagbabayad at ano ang magiging mga tuntunin upang maiwasan ang mapaalis sa tirahan?**

Ang kasunduan sa pagbabayad ay isang nakasulat at pinirmahang kontrata sa pagitan mo at ng PHA (para sa mga kasali sa Pampublikong Pabahay) o ng iyong landlord (para sa mga kasali sa Voucher) na nagtatakda ng halaga ng upang hindi mo pa nababayaran at isang kasunduan sa kung magkano ang babayaran mo kada

buwan at kung ilang buwan (hal. may pagkakautang kang \$500 at sumasang-ayon kang magbabayad ng ekstrang \$50, bilang dagdag sa iyong regular na upa, sa bawat buwan, sa loob ng 10 buwan. Ang pagpasok sa isang kasunduan sa pagbabayad ay nasa pagpapasya ng PHA o ng landlord. Ang mga nahuli at nakaligtaang pagbabayad sa kasunduan sa pagbabayad ay maaaring magresulta sa pagwawakas ng pangungupahan at/o tulong. Para sa mga kasali sa pampublikong pabahay, ang mga tuntunin sa kasunduan sa pagbabayad ay nakabalangkas sa Admission and Continued Occupancy Policy (ACOP) ng PHA at sa nakasulat na kasunduan sa pagbabayad. Ang mga kasali sa Voucher ay kailangang makipag-areglo nang direkta sa iyong landlord upang malaman ang mga tuntunin sa kasunduan sa pagbabayad.



Impormasyon at mga Pag-aalala sa Kaligtasan Dahil sa COVID-19

➤ **Ano ang dapat kong gawin kung nasurian akong positibo sa COVID-19?**

Maaaring hilingin sa iyo ng iyong PHA na iulat ang sarili kung nasurian kang positibo o nalantad sa isang taong nasuriang positibo upang makatulong sa pagprotekta sa ibang mga nangungupahan at tauhan. Hindi ka inaatasang sabihin sa iyong PHA o landlord ang tungkol sa diyagnosis. Ngunit, ang pagbabahagi ng impormasyong ito ay maaaring makatulong sa pagprotekta sa mga tauhan at iba pang mga taong maaaring nakaugnayan mo.

➤ **May karapatan ba akong malaman kung ang ibang mga nangungupahan ay nasuriang positibo sa COVID-19?**

Hindi kinakailangang ibahagi ng iyong PHA sa iyo ang aktibong diyagnosis ng COVID-19. Ngunit, maaaring inaabisuhan ng ilang PHA ang mga nangungupahan kung may isang tao sa kanilang gusali ang nasuriang positibo para sa COVID-19.

➤ **Paano kung mayroon akong mga katanungan o pag-aalala tungkol sa pamamahala at pagpapanatili ng ari-arian?**

Dapat kang patuloy na makipag-ugnayan sa iyong PHA o landlord sa mga pag-aalala tungkol sa mga kahilingan sa pamamahala at pagpapanatili ng ari-arian. Ang mga tugon sa mga hindi pang-emerhensyang pag-aalala o kahilingan ay maaaring maging limitado o maantala. Ang ilang PHA ay pisikal na isinara ang kanilang mga tanggapan upang mabawasan ang pagkalat ng COVID-19, ngunit makakausap sa pamamagitan ng telepono, email, o sa kanilang online na portal. Ang ilang tanggapan ay maaaring binawasan ang personal na suporta at/o maaaring nagrerespone lamang sa mga emerhensya. Alamin kung may mga polyeto o mensaheng nakapaskil sa iyong gusali o sa tanggapan ng pamamahala ng ari-arian para sa higit pang impormasyon.

➤ **Inaatasan ba ang PHA na ipalinis sa propesyonal ang aking yunit kung mayroong (mga) indibidwal na may impeksyon sa aking gusali?**

Hindi, responsable ang PHA sa paglilinis sa mga common area (lugar na karaniwang pinaglalagian ng mga residente) at responsable ka para sa iyong yunit.

➤ **Paano masusuportahan ng Resident Council (Konseho ng Residente) ang mga nangungupahan sa panahong ito?**

Maaaring suportahan ng mga resident council ang mga pagsusumikap na nauugnay sa COVID-19 sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na ahensya upang pagkalooban ang mga residente ng pagsasanay at mapagkukunan, pagsasagawa ng mga survey at pagkolekta ng saloobin ng residente tungkol sa mga operasyon hinggil sa COVID-19 at mga suliraning kailangang ipaalam sa PHA, at pagtitipon-tipon ng listahan ng mga lokal na mapagkukunan. Maaari ring gamitin ng mga Resident Council ang mga pondo sa pakikibahagi ng nangungupahan upang bumili ng subskripsyon sa teknolohiya para sa video conferencing (gaya ng Zoom) upang magdaos ng mga virtual na pagpupulong at pagsasanay at serbisyo ng pagpapadala ng text sa maraming tao upang ipaalam ang mahalagang impormasyon (gaya ng Twilio, Simpletexting, o eztexting).

➤ **Paano kung hindi ko kayang tugunan ang Community Service and Self Sufficiency Requirement (CSSR, Iniaatas na Serbisyo sa Komunidad at Sariling Kakayahan) para sa pampublikong pabahay dahil sa COVID-19?**

Naaangkop lamang ang CSSR sa mga kasali sa pampublikong pabahay, hindi sa mga kasali sa Voucher. Maaaring nakapagpatibay ang iyong PHA ng isang waiver para sa COVID-19 para sa iniaatas na serbisyo sa komunidad. Magtanong kung nagpatibay ang iyong PHA ng waiver at makipag-ugnay sa resident services staff (tauhan sa mga serbisyo sa residente) ng iyong PHA para sa tulong sa paghahanap ng mga aktibidad ng serbisyo sa komunidad at sariling kakayahan at gabay sa pagsunod.

➤ **Maaari ko bang atasan ang mga inspektor na magsuot ng personal protective equipment (PPE, personal na pumuprotektang kasuotan) bago pumasok sa aking yunit?**

Oo, kung hindi ka kumportable sa pagpasok ng mga tauhan ng PHA sa iyong tirahan nang walang suot na PPE, gaya ng pantakip sa mukha o mask, mangyaring sabihin sa tauhan ng PHA na dapat nilang sundin ang gabay at mga rekomendasyon ng CDC mula sa mga pang-estado o lokal na opisyal sa kalusugan.



Mga Proteksyon para sa Karahasan sa Tahanan at Sekswal na Karahasan

➤ **Ano ang VAWA? Saklaw ba ako ng mga proteksyon ng VAWA?**

- Ang Violence Against Women Act (VAWA, Batas sa Karahasan Laban sa Kababaihan) ay nagkakaloob ng mga proteksyon para sa biktima ng karahasan sa tahanan, karahasan sa panahon ng pakikipagtipan, sekswal na pag-atake, at stalking (hindi batid na pagmamanman) (tinatawag na “mga krimen sa ilalim ng VAWA”).
- Mayroong mga proteksyon anuman ang kasarian.

➤ **Nagbago ba ang aking mga proteksyon mula sa VAWA dahil sa quarantine para sa COVID-19?**

- Hindi, kung ikaw ay biktima ng krimen sa ilalim ng VAWA, mananatiling pareho ang iyong mga proteksyon sa panahon ng COVID-19. Hindi ka maaaring tanggihan ng tulong o mawakasan ang tulong sa iyo batay sa o bilang direktang resulta ng karahasan sa tahanan, karahasan habang nakikipagtipan, sekswal na pag-atake, o stalking.
- Dagdag dito, ang pagiging biktima ng mga krimen sa ilalim ng VAWA ay hindi maaaring ituring na isang malubha o paulit-ulit na paglabag sa iyong lease o isang mabuting dahilan para sa pagwawakas ng tulong sa iyo, ng iyong pangungupahan, o pag-okupa. Ngunit, susuriin ng PHA o may-ari ang mga insidente depende sa kaso kapag mayroong aktwal o napipintong banta sa ibang mga nangungupahan.

- **Paano kung kailangan kong lumipat upang takasan ang pang-aabuso sa panahon ng COVID-19?**
 - Maaari ka pa ring humiling ng pang-emerhensyang paglipat mula sa iyong PHA. Ang bawat PHA ay inaatasang magkaroon ng plano para sa pang-emerhensyang paglipat na nagdedetalye kung sino ang karapat-dapat, anong dokumentasyon ang kailangan (kung mayroon), paano poprotektahan ng PHA ang pagiging kumpidensyal, at kung paano ipoproseso ng PHA ang mga kahilingan para sa pang-emerhensyang paglipat.
- **Anong uri ng dokumentasyon ang kailangan ko para sa isang kahilingan sa pang-emerhensyang paglipat?**
 - Hindi inaatasan ang mga PHA na humiling ng dokumentasyon at maaaring tanggapin ang pasalitang pahayag, Ang mga iniaatas na dokumentasyon ay isasama sa plano ng pang-emerhensyang paglipat.
 - Kung iniaatas ang dokumentasyon, maaari kang magkaloob ng alinman sa mga sumusunod na opsyong pipiliin mo: pagsesertipika sa sarili gamit ang ([Form HUD-5382](#)) **O** pagkaloob ng dokumentong mula sa isang taong tumulong sa iyo sa pang-aabuso (isang empleyado, ahente, o boluntaryo ng tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, isang abogado, o medikal na propesyonal o propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip) **O** isang pang-administratibong rekord (kabilang ang mga ulat ng pulisya o mga restraining order (utos ng pagpigil)).
- **Paano kung kailangan kong mapaalis sa yunit ang nang-aabuso sa akin sa panahon ng COVID-19?**
 - Ang iyong mga karapatan sa ilalim ng VAWA ay protektado pa rin sa ilalim ng COVID-19. Kung ang isang miyembro ng sambahayan ay nakikibahagi sa kriminal na aktibidad na direktang nauugnay sa krimen sa ilalim ng VAWA, makipag-ugnayan sa iyong PHA o may-ari upang talakayin ang mga opsyon para sa iyo.
- **Ano ang pinakaligtas at pinakakumpidensyal na paraan upang ipaalam sa PHA ang mga kaso kung saan ang may sala ay isang miyembro ng sambahayan?**
 - Mangyaring ipaalam sa PHA ang pinakaligtas na paraan upang makipag-usap sa iyo. Ang lahat ng impormasyong ibinabahagi sa PHA ay mahigpit na dapat gawing kumpidensyal.
- **Ito ba ay nangangahulugang hindi maaaring mapaalis ang isang biktima alinsunod sa VAWA o maalisan ng tulong?**
 - Hindi, hindi pinagbabawalan ng VAWA ang PHA o may-ari na paalisin o wakasan ang tulong para sa mga paglabag na hindi nakasaad sa krimen sa ilalim ng VAWA. Dapat kang tratuhin ng PHA o may-ari nang naaayon sa parehong pamantayan gaya ng sa ibang mga nangungupahan. Maaari ka pa ring mapaalis ng PHA/may-ari para sa malubha o paulit-ulit na mga paglabag na hindi nakabatay sa VAWA o kung maipapakita ng PHA/may-ari na mayroong aktuwal at napipintong banta sa ibang mga nangungupahan o tauhan.
- **Inaatasan ba ang PHA na ipaalam sa akin ang aking mga proteksyon sa pabahay sa ilalim ng VAWA?**
 - Oo, dapat ipaalam sa iyo ng iyong PHA ang tungkol sa iyong mga proteksyon sa ilalim ng VAWA sa hindi lalampas ng kung kailan ka tatanggihan ng pagkakatanggap o tulong, kung kailan ka bibigyan ng tulong, at kung kailan mo matatanggap ang abiso ng pagwawakas ng tulong.
- **Ano ang dapat kong gawin kung ako ay nababalisa, nasa krisis, o nagnanais na agad na makipag-usap sa sinuman?**
 - Para sa tulong tungkol sa hindi ligtas na mapang-abusong relasyon, maaari kang tumawag sa National Domestic Violence Hotline (linyang tatawagan sa bansa para sa karahasan sa tahanan) sa 1-800-799-7233 o, para sa mga taong may kapansanan sa pandinig, 1-800-787-3224 (TTY) o i-text ang LOVEIS sa 22522.

- Para sa tulong tungkol sa sekswal na pag-atake, maaari kang makipag-ugnayan sa National Sexual Assault Hotline (RAINN, linyang tatawagan sa bansa para sa sekswal na pag-atake) sa 1-800-656-4673.

➤ **Mga Karagdagang Mapagkukunan:**

- Para sa tulong tungkol sa stalking, bumisita sa National Center for Victims of Crime's Stalking Resource Center (Tanggapang Mapagkukunan ng Suporta at Impormasyon sa Bansa para sa mga Biktima ng Hindi Batid na Pagmamamman) sa <https://www.victimsofcrime.org/our-programs/stalking-resource-center>.
- Upang mahanap ang direktoryo ng mga lokal na koalisyon para sa bawat estado, bumisita sa National Coalition Against Domestic Violence (Pambansang Koalisyon Laban sa Karahasan sa Tahanan) sa <https://ncadv.org/state-coalitions>.



Mga Serbisyo at Mapagkukunan

- **Ang Disaster Distress Helpline** – 1 (800) 985-5990 – ay isang pambansang hotline na nakatuon sa pagkakaloob ng agarang counseling sa panahon ng krisis para sa mga taong nakakaranas ng pagkabagabag ng kalooban na nauugnay sa anumang sakunang hatid ng kalikasan o dulot ng tao.
- **National Domestic Violence Hotline** – <https://www.thehotline.org> o 1 (800) 799-7233 o TTY 1 (800) 787-3224 – ay isang kumpidensyal na hotline para sa sinumang nakakaranas ng karahasan sa tahanan, naghahanap ng impormasyon, o nagtatanong tungkol sa hindi mabubuting aspeto ng kanilang relasyon. Kung hindi ka makaka-usap nang ligtas sa telepono, i-text ang LOVEIS sa 1 (866) 331-9474 o bumisita sa website upang simulan ang online chat.
- **211** – Tawagan ang 211 mula sa anumang telepono o bumisita sa 211.org at maghanap sa pamamagitan ng zip code – ay isang hotline na maaaring kumonekta sa iyo sa tulong na pang-emerhensya at iba pang mga sumusuportang serbisyo sa iyong komunidad. Ang lahat ng tawag ay kumpidensyal, maaaring gawin nang hindi kailangang ipakilala ang sarili, at maaaring humiling ang mga tumatawag ng mga serbisyo sa pagsasalin para sa 180 wika.
- **Unemployment Insurance (Seguro sa Pagkawala ng Trabaho)** – www.usa.gov/unemployment – Alamin kung karapat-dapat ka para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho. Nagkakaloob ang bagong pederal na batas ng mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho para sa mga self-employed (may sariling hanapbuhay) at mga gig worker, nagdadagdag ng karagdagang \$600 sa mga lingguhang benepisyo, at nagdadagdag ng karagdagang 13 linggo ng mga benepisyo sa bilang ng mga linggo na kasalukuyang ipinagkakaloob ng estado. Dagdag dito, pinahihintulutan ang estadong magkaloob ng mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho kaugnay ng COVID-19, gaya ng kapag umalis sa trabaho ang isang tao dahil sa panganib na mahantad o impeksyon o upang alagaan ang isang miyembro ng pamilya; pansamantalang pinahinto ng employer ang mga operasyon dahil sa COVID-19, na nangangahulungang hindi makakapasok ang mga empleyado; o naka-quarantine ang isang tao ngunit inaasahang babalik sa trabaho kapag natapos na ang quarantine.
- **Career One Stop Unemployment Benefits Finder** – www.careeronestop.org/LocalHelp/UnemploymentBenefits – Alamin kung paano mag-a-apply para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho sa iyong estado.

- **Mga Economic Impact Payment** – <https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment> – Alamin kung karapat-dapat ka para sa Economic Impact Payment na mula \$1,200 hanggang \$2,400 (higit pa kapag may mga kuwalipikadong dumedepende).
- **Libreng Paghahanda para sa Buwis** – <https://irs.treasury.gov/freetaxprep> – Tumanggap ng libreng tulong sa pag-file ng iyong mga buwis na ipinagkakaloob ng mga may kasanayang boluntaryo.
- **Community Action Agency** – <https://communityactionpartnership.com/find-a-cap/> – Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Community Action Agency (Ahensya para sa Aksyon ng Komunidad) upang malaman kung anong mga serbisyo ang maaari nilang ipagkaloob, gaya ng pang-emerhensyang tulong sa pagbabayad para sa upa at mga utilidad.
- **Tulong sa mga Bayarin** – www.usa.gov/help-with-bills – Alamin ang tungkol sa mga programa ng gobyerno upang makatulong sa pagbabayad sa mga bayarin sa kuryente sa bahay at iba pang mga gastusin.
- **Temporary Assistance for Needy Families (TANF, Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan)** – <https://www.benefits.gov/benefit/613>
- **Pagpapaalaga sa Anak** - <https://www.childcare.gov/covid-19> - nagkakaloob ng impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan para sa childcare (pagpapaalaga sa anak) sa iyong estado, kabilang ang tulong sa paghahanap ng childcare.
- **Mga agarang trabaho dahil sa COVID-19** – <https://needajobnow.usnlx.com> – ay isang web site na may listahan ng mga trabaho mula sa mga naberipikang employer na naghahanap na mapunan na ngayon ang mga posisyon.